


Muling ipinalimbag at ipinamamahagi ng:

DA-RFO No. IV-MIMAROPA
Regional Agriculture and Fisheries Information Division (RAFID)
4th Flr. ATI Bldg., Elliptical Road
Diliman, Quezon City
Tel. No.: (02) 920-20-44

Ang
MANGGA



MANGGA

MGA URI AT KATANGIAN

1. *Carabao*




Malaki ang puno, mababaw at maliliit ang gisok sa balat. Ang bunga ay tumitimbang ng humigit kumulang sa 240 gramo, di gaanong mabunot, may manipis at dilaw na balat, malambot, at madaling matunaw ang laman.

2. *Pico*



Mababa ang puno kumpara sa *Carabao* at masinsin ang buong kasangahan. Ang bunga ay may katamtamang laki, parihaba, may luntiang kulay ang balat at madilaw dilaw ang laman.

3. *KATCHAMITA (Indian Mango)*



Ito ay kinakain habang hilaw pa.

MGA PARAAN NG PAG-AALAGA

Paghahanda ng Lupa **Panglikod bahay:**

Humukay ng butas na may lalim at luwang na kasya ang pananim na may kasamang lupa.

Pangmalawakang pagtatanim:

Araruhin ang lupa ng maraming ulit hanggang sa tamang pino.

PAG-IIMPAKE PARA SA LOKAL NA MERKADO



KAING



FIBERBOARD CARTON



PLASTIC CRATES

PAG-IIMPAKE PARA PANG EXPORT



PAGSUSUPOT NG PRUTAS

Mga 55 araw pagkatapos ng sapilitang pagpapabulaklak, balutan ng lumang diyaryo bawa't isa ang mga prutas upang mabawasan ang pagkasira nito at maiwasan ang paninira ng mga peste.

MGA ARTIPISYAL NA PARAAN NG PAGHINOG

Upang mapabilis ang paghinog ng mangga maaaring lagyan ng kemikal ang prutas gaya ng *calcium carbide* at anumang may *ethylene derivatives*. Hindi aasim ang mga prutas na pinahinog nang artipisyal. Walang kaibhan ang lasa nito sa pinahinog ng natural. Ang maasim na lasa ng mangang pinahinog nang artipisyal ay resulta ng paglalagay ng *derivatives* habang ang mangga ay hindi pa tama ang gulang ng paghinog. Hindi talaga mahihinog nang tama ang mga ito maging sa natural o artipisyal na paraan.

PAG-AANI AT PAG-IIMPAKE

Ang magugulang nang berdeng prutas ay maari nang anihin kapag ang mga ito'y nasa hustong laki na, mauumbok ang mga pisngi at ang *endocarp* o ang obaryong bumabalot sa buto ay matigas na; o kaya'y anihin ang mga prutas ng mula ika-110 hanggang ika-120 araw pagkatapos ng sapilitang pagpapabulaklak o ika-82 hanggang ika-88 araw pagkatapos ng ganap na pamumulaklak. Subalit ang pinakamadaling bantayan ay ang bilang ng araw mula sa kasagaran ng pamumulaklak o pagkabuo ng bunga.

Ang karaniwang ani sa laki ng taniman at produksiyon ay maaaring tantiyahin sa 6t/ektarya.

Para sa panlabas na kalakalan, ang mga mangga ay ikinakamada ng isahang suson-mas mainam kung ang kahon ay nilagyan ng maliit na bahagi o pitak na kasya ang bawa't isang prutas.

Ang mga mangga ay iniimpake sa mga kaing na sinasapinan ng mga bagay na tulad ng diyaryo, *foam* o dahon ng saging upang maiwasan itong masugatan o malamog. Inaalís ang tangkay upang hindi matusok ang ibang bunga. Ang mga bungang ito ay itinutubog sa pamatay-amag o mainit na tubig upang masugpo ang *anthracnose*.

Ang pag-iimbak sa malamig na lugar ay makakapagpabagal ng pagkahinog hanggang isang buwan.

Pagtatanim

Putulin ang kalahati ng mga dahon ng manggang itatanim. Alising dahan-dahan ang pinagpunlaan ng mangga bago itanim. Pikpikin ang lupa sa palibot ng halaman at diligin.

Ang agwat ng bawat tanim ay 14 x 14 metro kuwadrado. Magtanim sa unang mga linggo ng tag-ulan.

Pagpapatubig

Patubigan ng madalas lalo na sa tag-araw. Ang mga namumungang puno ay nangangailangan ng 135 litrong tubig (50-60 balde). Patubigan kada linggo mula sa pagsibol ng bulaklak hanggang sa isang buwan bago mag-ani.

Pag-aabono

Para sa hindi pa namumunga o isang (1) taong edad na puno:

Lagyan ng 200-300 gramo ang bawat puno ng 14-14-14 abono, dalawang beses isang taon. Para sa punong mahigit ng isang taon- paghaluin ang 300-400 gramo ng 14-14-14 at 200-300 gramo ng *urea* sa bawat puno; hatiin ang paglalagay sa bawat puno. Ang unang kalahati ay ilagay sa unang linggo ng tag-ulan at bago matapos ang tag-ulan ilagay naman'yong natirang abono.

PARA SA NAMUMUNGANG PUNO

Lagyan ng ½ kilo hanggang 2 ½ ng 14-14-14 ang bawat puno ng mangga.

PAGPAPABULAKLAK

1. Pagpapausok

Pausukan ang punong mangga at siguraduhing dadaan ang usok sa mga sanga at dahon. Magpapausok sa loob ng ilang araw. Kung may mga usbong na bulaklak pagka-raan ng 2 linggo tigilan na ang pagpapausok. Ulitin pagkaraan nang dalawang buwan.

2. Paggamit ng kemikal

Bombahin ng “*potassium nitrate*” ang mga magugulang na dulo ng sanga. Ang timpla ay 10 gramo bawat isang malaking lata ng tubig (25 litro ang ilalaman).

Ang pangalan ng kemikal na maaaring gamitin ay ang mga sumusunod: *Agriblum, Redbloom, Mengovit, Mangobloom, Miracle-bloom o Flower set*.

Pagpuputol o Pagpungos ng mga Sanga

Alisin ang mga tuyo at hindi na kanaisnais na mga sanga.

PAGSUGPO/PAGPIGIL SA MGA PESTENG KULISAP AT SAKIT

1. “*Mango Hoppers*”

Pinsala sa halaman: Pagkalanta at pagkamatay ng mga bagong usbong na dahon at sanga, bulaklak at mga bagong usbong na bunga. Nagkakaroon pa rin ng puting amag sa mga bunga dahil sa laway ng “*hoppers*”.

Pagpigil: Bombahin ng *carbaryl*, carbonato at *malathion* sa tamang paraan at dami mula sa pamumulaklak hanggang sa paglaki ng bunga.

2. “*Mango Twig Borer*”

Pinsala: Pagbibiyak-biyak at pagkalanta ng mangga.

Pagpigil: Putulin ang mga sangang may “*Borer*” at sunugin.

3. “*Fruitflies (Langaw ng prutas)*”

Pinsala: Ang mga itlog ng kulisap na nasa balat ng bunga ay magiging dahilan ng pagkabulok at pagkakaroon ng uod na siyang uubos sa laman.

4. “*Fruit Pulp Weevil & Borer*”

Pinsala sa Halaman: Pumapasok ang hayop (*fruit fly*) sa mga mangga na nagiging sanhi ng pagkabulok nito.

Pagpigil: Pagsunog ng mga damo upang mapuksa ito at pagsupot-supot ng mga prutas mula 40-50 araw sa pagsibol ng bunga.

MGA SAKIT

1. “*Anthracnose*”

Mga Palatandaan ng Sakit: Mga butas sa mga magugulang na dahon, maiitim at malalalim na mantsa sa bunga na sanhi ng pagkabulok.

Pagkontrol sa sakit: Bombahin ng alinman sa mga sumusunod: *Benomyl, Captan, Maneb, Manoozeb, Thiabendazole* at *Zineb*. Gamitin lang ang tamang timpla mula sa pagsibol ng bulaklak hanggang sa paglaki ng bunga. Itubog ang mga hinog na bunga sa mainit na tubig (135°F) sa loob ng sampung minuto.

2. “*Scab*”

Mga Palatandaan: Kulay abuhing kape at mantsa sa bunga. Ito ay pumuputok at nagiging magaspang.

Pagkontrol sa Sakit: Tulad ng pagkontrol sa “*Anthracnose*”.

3. “*Stem-end rot*”

Palatandaan: Kulay lila hanggang kulay kapeng animo ay sugat sa dulo ng bunga. Ito ay umiitim pagkaraan ng ilang oras.

Pagkontrol sa sakit: Itubog ang mga bunga sa 600-1000 “*parts per million*” (ppm) *Benomyl* na may 0.05% Tween 40 at mainit na tubig sa loob ng 10 minuto.